



King County



Redistricting KING COUNTY

Gusto mo ba ng mas detalyadong impormasyon? Tingnan mo ang aming [story map](#) tungkol sa kasalukuyang mga distrito ng Konseho ng King County

Mas matatag ang mga komunidad kapag sama-sama silang nakakaboto

Ang 2021 Komite ng Pagdidistrito ng King County ay itinalaga upang muling itakda ang mga hangganan ng distrito ng [Konseho ng King County mga hangganan ng distrito](#) batay sa pinakabagong datos ng Census. Isa sa mga salik na isinasaalang-alang ng komite ay ang mga komunidad ng interes. Gustong makarinig ng komite mula sa iyo tungkol sa iyong komunidad at kung bakit espesyal ito.

Kailangan ng Komite ang iyong input upang maintindihan kung saan nagsisimula at nagtatapos ang iyong komunidad. Mayroong tatlong paraan para gawin ito:

1 Samahan kami sa isang sesyon ng pakikinig sa komunidad

Ang komite ay maglulunsad ng isang serye ng mga sesyon ng pakikinig sa komunidad sa Hulyo at Agosto at mga town hall meeting sa taglagas. Tingnan ang iskedyul at mag-rsvp sa kingcounty.gov/districting.

2 Sagutan ang aming survey

Bisitahin ang aming [website](#) para sagutan ang aming survey at makapagbigay ng input sa komite (available sa iba't ibang lingguwahe).

3 I-email kami

I-email ang iyong mga komento, tanong, alalahanin o kahilingan sa pagsasalin sa districting@kingcounty.gov.

Bakit natatangi ang iyong komunidad sa mga nakapaligid na komunidad?

Mayroon bang mga parke, palengke o iba pang lugar na magsisilbi bilang sentro o lugar ng pagtitipon para sa iyong komunidad?

Kung iguguhit mo ang iyong komunidad sa isang mapa, ano kaya ang magiging hitsura noon?

Kilalanin ang mga Miyembro ng Komite ng Pagdidistrito ng King County ng 2021:



Chair Ann Schindler



Sophia Danenberg



Paul Graves



Cherry Jackson-Williams



Rob Saka

MGA KARANIWANG TANONG

Ano ang King County?

Nagbibigay ang King County ng mga "panrehiyong" serbisyo sa buong county, kasama na ang pampublikong kalusugan, eleksyon, Metro transit, wastewater, solidong dumi, ang panrehiyong sistema ng hustisyang kriminal at mga parke ng County. Sa mga lugar na hindi pinagsama-sama, ang lalawigan ay nagsisilbi bilang lokal na gobyerno at naglalaan para sa pagpapatupad ng batas, mga kalsada at tulay, pagbibigay ng permit at pagpapaunlad, at iba pang serbisyo ng lokal na gobyerno. Ang Konseho ng King County ay ang lehislatibong sangay ng county na nangangasiwa sa pangalawang pinakamalaking gobyerno ng estado. Ito ay binubuo ng siyam na miyembrong inihalal mula sa siyam na magkakaibang distrito sa buong county.

Ano ang Komite ng Pagdidistrito ng King County?

Ang Komite ng Pagdidistrito ng King County ay isang independyente, walang pinapanigang partido na komiteng binubuo ng apat na miyembro na hinirang ng Konseho ng King County at ikalimang miyembro na pinili ng komite na nagsisilbi ring tagapangulo. Ang nag-iisang responsibilidad ng Komite ay muling itakda ang mga distrito ng Konseho ng County kada 10 taon batay sa pinakabagong desenyal na datos ng senso upang muling ibalanse ang populasyon ng mga distrito nang sa gayon ay halos magkapantay sila ng populasyon.

Bakit importante ang pagbibigay ng input sa distrito?

Hangga't maaari, ang hangganan ng distrito ay dapat iguhit upang panatilihin ang mga umiiral na komunidad na mayroong magkakaugnay at pare-parehong interes. Ang mga komunidad ay kadalasang mas malakas kapag sila ay nakakaboto nang sama-sama at hindi nahahati sa maraming distrito. Nais makarinig ng Komite tungkol sa kung saan ka nakatira at kung mayroong mga grupo ng tao sa iyong komunidad na may magkakaparehong interes o alalahanin na dapat kilalanin sa loob ng panibagong hangganan ng distrito ng Konseho ng King County. Sabihin sa komite kung bakit natatangi ang iyong komunidad, saan ito nagsisimula at saan ito nagtatapos.

www.kingcounty.gov/districting